Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION VII - CENTRAL VISAYAS
DIVISION OF CITY SCHOOLS - TAGBILARAN CITY

**Office of the Schools Division Superintendent**

DIVISION MEMORANDUM
No. 509 , s. 2024

Agosto 2, 2024

**Buwan ng Wikang Pambansa 2024**

Para sa mga: Pinuno ng mga Pampublikong Paaralan
Pinuno ng mga Tanggapan

1. Alinsunod sa Memorandum Pangrehiyonal Blg 671, s. 2024, ang Tanggapang ito sa pamamagitan ng Curriculum Implementation Division (CID), ay nakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024 sa temang **" FILIPINO : WIKANG MAPAGLAYA** sa Agosto 1-31, 2024.

2. Layunin ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024 ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Wikang Pambansa;at
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika.

3. Hinihikayat ang mga kawani ng bawat tanggapan na magsuot ng **"Filipiniana Attire"** sa araw ng Lunes at paggamit sa wikang Filipino sa pakikipag-usap sa buong buwan ng pagdiriwang.

4. Inaasahan ang bawat paaralan na magkabit ng tarpaulin na nagtatakda sa tema ng pagdiriwang.

5. Ang mga suhestiyong gawain sa dibisyon at paaralan ay hinati-hati lingguhang tema para sa isang buwang pagdiriwang.

*Dibisyon*

| **Petsa** | **Gawain** | **Namumuno** |
|---|---|---|
| Agosto 5 | Awit | Admin |
| Agosto 12 | Salawikain | SGOD |
| Agosto 19 | Sayawit | Budget/Finance |
| Agosto 30 | Panapos na Programa | CID |

*Paaralan :*

| **Linggo at Tema** | **Antas at mga Gawain** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **K-3** | **Baitang 4-6** | **Baitang 7-10** | **Baitang11-12** |
| **1-3 Agosto** **FSL** tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran | • Pagtitipon ng mga pagbati sa Filipino Sign Language (FSL) | | | |
| **5-10 Agosto** Sistematiko at maka- Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran | | • Pagbabasa ng mga kuwentong pambata hinggil sa kahalagahan ng maka-agham na pananaliksik | • Pagsulat ng mga tula na may kinalaman sa maka-agham na pananaliksik<br>• Pagsulat ng rap hinggil sa halaga ng sistematikong maka-agham na pananaliksik sa Pambansang Kaunlaran | |
| **12-17 Agosto** Paggamit ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) sa Scientific Research | | • Pagsasaliksik ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) mula sa iba't ibang rehiyon.<br>• Pagsulat ng sanaysay hinggil sa Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP)<br>• Pagsasadula ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) | | |
| **19-23 Agosto** Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | | • Paggawa ng maikling komentaryo/ 2 minutong blog/vlog na tumatalakay sa mga kahalagahan ng mga katutubong wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa<br>• Paglikha ng awit gamit ang wikang katutubo hinggil sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | | |
| **26-31 Agosto** Paglaban sa | | • Online forum/Seminar hinggil sa Literasiyang Pang-media | | |

| | | |
|---|---|---|
| Misinformation (fact checking ) | | • Paglalagom ng mga naging gawain sa Buwan ng Wika |

6. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order No. 9 s. 2005 ( Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith) na hindi makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s. 2017 ( Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities).

7. Ang bawat paaralan ay inaasahan na magsubmite ng 5-10 minuto na video kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa unang linggo ng Setyembre 2024.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**WILFREDA D. BONGALOS PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

WDB/EQA/JTB/ BEI